# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 18, 2022, LUNES, IKA-9:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. Delas Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: [signature] Date: 26 JUL 2022 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 07.27.22 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 294-T2022**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA KAHILINGAN NG KGG. PUNONG BAYAN EDGAR S. SAN LUIS NA MAPALAWIG ANG BAYARIN SA LISENSYA AT PERMISO SA PAGNENEGOSYO HANGGANG IKA-31 NG DISYEMBRE, 2022 NANG WALANG REKARGO O PENALTY SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA UPANG MABIGYAN NG SAPAT NA PANAHON NA MAKAIPON AT MAKABAYAD DULOT NG PANDEMYA.**

**SAPAGKAT,** may natanggap ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan ng liham na may petsa ika-31 ng Mayo, 2022 mula sa Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis na humihiling na mapalawig ang bayaran sa lisensya at permiso sa pagnenegosyo hanggang ika-31 ng Disyembre, 2022 nang walang rekargo o penalty para mabigyan ng pagkakataon na makaipon at makabayad dahil sa epekto ng pandemya (COVID 19);

**SAPAGKAT**, ang kahilingan ay kailangang mapagtibay para sa pangkalahatang kapakanan kaya iniliwat sa Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri ay iminungkahi ng Tagapamuno ng lupon na ito ay pagtibayin.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Esmeraldo C. Delas Armas, Jr., Kgg. Rizaldy N. Kalaw, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Regine S. Regalado, ay

**PINAGPASIYAHANG: BIGYANG PAHINTULOT ANG KAHILINGAN NG KGG. PUNONG BAYAN EDGAR S. SAN LUIS NA MAPALAWIG ANG BAYARIN SA LISENSYA AT PERMISO SA PAGNENEGOSYO HANGGANG IKA-31 NG DISYEMBRE, 2022 NANG WALANG REKARGO O PENALTY SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA UPANG MABIGYAN NG SAPAT NA PANAHON NA MAKAIPON AT MAKABAYAD DULOT NG PANDEMYA.**

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Pinuno sa Lisensya at Permiso, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 18, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo